# Mga Karapatan ng Manggagawa sa Isang Kampanya sa Pag-oorganisa ng Unyon

**Sa ilalim ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa, ang mga manggagawa, *hindi ang kanilang employer*, ang may karapatang magpasiya kung gusto nilang katawanin sila ng unyon o hindi. Bilang tugon sa pag-oorganisa ng unyon, hindi maaaring gawin ng employer na:**

- ❌ Sisantehin, ibaba ang katungkulan, o ilipat ang mga manggagawa dahil sa pagpapahayag ng mga pananaw na pabor sa unyon, o bigyang pabiya ang mga manggagawa sa pagpapahayag ng mga pananaw na laban sa unyon.
- ❌ Magpatupad ng bagong mga kinakailangang papeles para mapanatili ang trabaho.
- ❌ Tumawag ng tagapagpatupad ng batas, kasama na ang ICE.
- ❌ Bawasan ang kita, oras o mga benepisyo.
- ❌ Pahirapin o gawing hindi kaaya-aya ang trabaho—gaya ng pagpapalit ng oras ng paggawa, pagtanggi sa overtime, o paghihiwa-hiwalay ng mga manggagawa.
- ❌ Sabihin sa mga empleyadong walang patutunguhan ang pagpili sa isang unyon.

**Hindi rin maaaring magbayad ng mga third party upang gumawa o magsalita ng mga bagay na pinagbabawal sa kanilang gawin o sabihin. Ang mga third party na binayaran ng employer ay hindi rin maaaring magpakilala bilang mga ahente ng pamahalaan o mga ahente ng NLRB.**

NATIONAL LABOR RELATIONS BOARD

**Kung pinipigilan ng isang employer ang iyong karapatang bumuo, sumali o tumulong sa isang unyon, maaari kang magsampa ng kaso sa hindi patas na kasanayan sa paggawa sa NLRB. Mayroon kaming mga tagapagsalin.**

Maghanap ng lokal na opisina ng NLRB: **bit.ly/NLRBOffices**

Tumawag sa amin: **1-844-762-6572**

Email us: **publicinfo@nlrb.gov**

Magsampa ng kaso: **bit.ly/FileACharge**

**Higit pang kaalaman sa nlrb.gov**